



Pamumuhay sa Japan

Sa isyung ito ng Mimitaro, kinapanayam namin si Ginoong Nguyen Minh Tuyen at ang kanyang pamilya na nakatira sa Hikone.



Ginoong Tuyen :

Pagkatapos ng giyera sa vietnam, maraming mga vietnamese ang lumipat mula sa timog vietnam bilang mga Refugees at umalis sa kanilang sariling bansa at isa po ako sa kanila, taong 1994 noong ako ay 19 taong gulang, kasama ang pamilya ko pumunta kami dito sa

Japan at simula noon sa Hikone na kami nanirahan. nakilala ko ang aking may bahay na si Hong sa isang paligsahan ng soccer na inilunsad sa hikone sa pamumuno ng komunidad ng mga vietnamese, nagpakasal kami at ngayon isa na kaming 4 kataong pamilya, may mga anak na nagngangalang Mai at Nam.

Nakatira pa rin sa vietnam ang iba ko pang mga kapamilya, napakahirap mamuhay ng malayo sa kanila. umalis ako ng bansa bilang isang refugee na siyang dahilan kung bakit mahirap para sa akin ang umuwi upang mabisita ko ang aking matandang ama. umaasa ako na balang araw sana bigyang respeto ng aking bansa ang kahalagahan ng karapatang sibil upang malaya akong makauwi at mabisita ko ang aking pamilya.

Pagkarating ko sa Japan, kaagad akong nagtrabaho kahit na hindi ko pa masyadong naiintindihan ang salita at nang magkaroon ng krisis noong taong 2008, nawalan ako ng trabaho ng halos isang taon, hindi ako mapakali noong mga panahong iyon iniisip ko kung ano ang aming magiging kinabukasan, nakapagtrabaho ako sa isang kumpanya ng pagawaan at tinahan sa shiga bilang isang regular na manggagawa at pagkalipas ng 5 taon nakabili na rin kami ng aming sariling tahanan natuto akong magnihongo sa sariling sikap lamang kaya't kahit papano nakakaintindi ako ngunit hindi ko ito lubos na maipaliwanag sa nihonggo, umaasa ako na balang araw sana ay maging mas mahusay ako sa pagsasalita nito upang lubos kong maipaliwanag ang aking mga nais sabihin at mga saloobin.

Ginang Hong :

Taong 2003 noong unang dating ko dito bilang isang trainee, sa lalawigan ng aichi ako napunta kung saan nakapagtrabaho ako ng 3 taon sa larangan ng pananahi. dahil sa hindi pa ako sanay sa salita, kultura at pagkain, palagi akong naguguluhan noon, mabuti nalang mababait ang mga kasamahan ko sa trabaho noon matiyaga nila akong tinuturuan sa trabaho at kapagka walang pasok na araw sinasamahan nila akong mamalengki at mamasyal. Umuwi ako sa amin ng halos isang taon at pagkabalik ko lumipat na ako ng Shiga pagkatapos kong mag asawa, madalas akong nahihirapan dahil sa masyado akong walang alam sa pag aalaga ng mga bata at sa mga gawaing bahay lalo na at naninirahan ka pa sa ibang bansa na sobrang mahirap

kagaya sa pamimili ng pagkain ay nawawala pa ako, at sa tuwing nagkakasakit at kinakailangan dalhin sa doktor ang mga bata. Sa mga panahong din iyon wala pang masyadong mga vietnamese, gayunpaman masuwerte pa rin ako dahil nandiyan ang mga hipag ko at mga kapamilya na tinulungan akong malagpasan ko ang mga pagsubok na iyon.

At nang lumalaki na ang mga bata ibang problema na naman ang kinaharap ko kagaya ng hadlang sa lengguwahe sa madalas na pagbisita sa paaralan at nursery at sa mga napakaraming iniuwing mga sulat galing dito, dagdag pa riyan ay ang palaging paghahanda ng mga gamit-aralin na nakakapagpabusy sa akin. Sa kasalukuyan dumadami na ang mga vietnamese na nakatira sa lugar namin, at naisip ko na napapanahon na rin para ibalik ko ang kabutihang ginawa sa akin ng komunidad ng Vietnamese, gamit ang aking mga naging karanasan at bilang nakakatanda, nais kong ibahagi ito, sumuporta at makipagtulungan.

Habang lumalaki ang komunidad ng mga vietnamese nakakasakit ng damdamin na may mga ibang vietnamese na mga walang mabuting kalooban na ipinapahayag sa mga balita. swerte ko lang kasi napapaligiran ako ng mabubuting kaibigan at kapamilya. ngunit mas nakakasakit rin malaman na habang may nababalitaan kang hindi kaaya-ayang mga balita patungkol sa ibang vietnamese mas lalong mong maririnig na malamig ang pakikitungo ng mga hapon sa mga vietnamese, may mga inaapi sa loob ng trabaho at may kinikilingan lamang.

Hiling ko sana sa mga hapon na sanay maunawaan din nila na sa kasamaang palad minsan may mga tao na talagang salbahe at walang mga pakialam. Gayunpaman sila ay maliit na bahagi lamang, walang pakialam dito kung saan ang iyong pinanggalingan sadyang may mga taong ganyan.

Maraming imigrante sa japan na naghahanap ng trabaho upang matustusan ang pangangailangang pinansiyal ng kanilang mga naiwang pamilya doon sa kanilang sariling bayan. ang bansang Japan ay tumatanggap ng mga dayuhang manggagawa upang mapunan ang mga lakas-manggagawa, umaasa akong sana sila ay maging mabait, buo at taos sa puso ang kanilang pagtanggap

Pinakamahalaga sa mga katulad naming mga imigrante ang matutong magnihongo upang magkaroon kami ng kakayahang makipag usap at maging parte ng lipunan ng Japan. Sa katunayan ang pagkakaroon ng kakayahang makapagsalita ay isang pinakamagandang paraan upang maprotektahan mo ang iyong sarili mula sa hindi magandang pagtrato sa iyo at sa mga pang aapi.

Pinakamahalagang bagay ay magkaroon ng isang taong makakausap at puwedeng mapagsasabihan tungkol sa mga kinakaharap na mga problema habang pinapalaki ko ang aking mga anak natututo din akong gumamit ng internet. ang anak kong si Mai ay gustong maging isang nars at si Nam naman ay gustong maging isang manlalaro ng soccer, umaasa akong sana'y matupad ang aming mga pinapangarap!

Pinalawak na Sistemang Suportang-Pinansiyal sa Mataas na Edukasyon

Simula Abril sa taong 2020, ipapatupad ang sistemang suportang-pinansiyal na naglalayong mabigyan ng pagkakataon na makapagpatuloy na makapag aral sa mga unibersidad (daigaku), kolehiyo (tanki daigaku), Pang-teknikal na paaralan at Paaralang bokasyonal anuman ang pang-ekonomiyang sitwasyon ng pamilya.

Mga uri ng Paaralan na susuportahan : Unibersidad(daigaku), Kolehiyo (tanki daigaku) Pang-teknikal na kolehiyo(Koutou senmon gakkou),,Bokasyunal na paaralan(senmon gakkou).

Detalye ng Suporta : ① Sistemang libre ang bayad sa (Pagpasok • Matrikula) (Ibinabatay ang halaga depende sa klase ng Paaralan,Pribado at Pampubliko).

② Mga uri ng pinalawak na pagbabayad ng scholarship.

- Ang Japan Student Service Organization (JASSO) ay nagbibigay ng Tulong -pinansiyal.
- Para sa mga pangangailangan at mga gastusin para sa pamumuhay ng bawat mag aaral.(dependeang halagang ibinibigay sa mga maag aaral na nakatira sa sariling tahanan at sa mga hindi nakatira.

Mga mag aaral na naangkop sa suporta : Mga sambahayan na hindi kasama sa buwis at mga mag aaral na nasa may kapareho na sitwasyon .(Ito ay naangkop sa mga mag aaral na papasok sa pasukan sa taong 2020 (kasama na ang mga nakapasok na sa kasalukuyan) .

• Japan Student Services Organization(KIKO) <http://www.jasso.go.jp/>



TUNGKOL SA MAS MATAAS NA EDUKASYON

Pagkatapos magtapos ng pag aaral sa hayskul,may mga ibat- ibang mga pamamaraan upang makapagpatuloy sa pag aaral kagaya ng 4 na taon na kurso sa mga Unibersidad o kaya sa pang -2 o 3 taon na kolehiyo at sa pang-bokasyunal na paaralan.Mayroon pambansang (pampubliko),pribadong (pampubliko) at pang-pribadong mga paaralan at mga mapagpipiliang institusyon na para pang dalubhasang edukasyon bilang karagdagan maari ka rin lumipat mula sa 2 taon sa kolehiyo o mula sa pang-bokasyunal na paaralan patungo sa unibersidad at maari ka rin pumasok (magpatala) sa dalawang paaralan.

Ang mga kwalipikasyon sa pagpasok sa Unibersidad ay karaniwang: Katumbas ng hayskul sa Japan o nakapagtapos sa itinalagang banyagang paaralan na kumpleto sa kabubuang 12 na taong kursong edukasyon na katumbas ng hayskul sa Japan.para sa mga karagdagan, mayroong mga sumusunod na mga pamamaraan para sa mga nakapagtapos sa banyagang paaralan at para doon sa mga hindi nakumpleto ang kabubuang 12 na taong pag aaral,para sa buong detalye,mangyaring suriin lamang ang homepage ng Kagawaran ng Edukasyon,Kultura,Isports Agham at Teknolohiya.

1. Nakapasa ng sertipikasyon para sa pagtapos ng hayskul. (http://www.mext.go.jp/a_menu/koutou/shiken/)
2. Para sa mga nagmula sa ibang bansa na nag aral ng mahigit sa 12 na taon sa mababang paaralan at panggitnang paaralan: na nakapag aral sa dayuhang bansa ng mahigit sa 12 na taon sa mababang paaralan at panggitnang paaralan.o nakapasa sa pagsusulit na katumbas ng sa kwalipikasyon pang-akdemiko na sertipikasyon.
3. Para sa mga nagmula sa isang bansa na may mas mababa sa 12 taon na pangunahing edukasyon:Pagkumpleto ng kurso na katumbas sa hayskul sa banyagang bansa,o pagpasa sa akademikong pagsusulit na kwalipikasyon katumbas ng hayskul+Para sa paghahanda sa pamprogramang edukasyon (http://www.mext.go.jp/a_menu/koutou/shikaku/07111314/001.htm),o pagtapos sa isang pagsasanay na kurso na itinalaga ng Kagarawan ng Edukasyon,Kultura,Isports Agham at Teknolohiy (http://www.mext.go.jp/a_menu/koutou/shikaku/07111314/002.htm).

★Bilang karagdagan,ang mga taong sumusunod ay hindi na kailangan pang tanungin tungkol sa bilang ng mga taon sa pangunahin at sekundaryong edukasyon:Ang kwalipikasyon para sa pang -Internasyonal na Baccalaureate,taong kwalipikado para sa kwalipikasyon ng Abitur,Isinasagawa ng bawat unibersidad ang pagsusuri ng kwalipikasyon sa pagpasok +18 taon gulang at pataas.

Ang bayad sa matrikula para sa mas mataas na edukasyon ay nag iiba depende sa institusyon at larangan ng pag aral..gayundin kung mag aaral ka sa malayong lugar dapat momg isipin ang iyong magiging gastusin sa upa ng bahay at gastusin sa pamumuhay makabubuting mag likom ng mga impormasyon patungkol sa scholarship upang hindi ka mag alinlangan magpatuloy sa pag aaral dahil sa kahirapan sa buhay.

Tungkol sa Sistemang Tulong-Pinansiyal para sa Mas Mataas na EdukasyonTulong-pinansiyal (Scholarship)



Ang sistemang tulong-pinansiyal(Iskolar) para sa pag aaral ay malawakang nahahati sa (1) Scholarship mula sa Japan Student Services Organization(JASSO), (2) Scholarship na itinatag ng bawat Unibersidad (3) Scholarship mula sa mga pribadong kompanya at mga foundation (4)Scholarship mula sa mga lokal na pamahalaan mayroong iba't ibang mga kondisyon para sa pangangalap at kondisyon para sa pagtanggap,ngunit ang kakayahan sa pag aaral at ang pang-ekonomiyang sitwasyon ng sambahayan ang magiging pamantayan para sa pagsusuri..may 2 uri ng scholarship,hindi na kailangan bayaran at ang isa ay pautang na kinakailangan bayaran.karamihan bilang karagdagan,maaring may mga kaso kung saan hindi posibling makatangap dahil sa pagdoble .Mangyari po lamang mangolekta tayo ng impormasyon mula sa departamento ng paaralan na namamahala ng homepage nito.

*Maaring may mga paghihigpit sa katayuan ng paninirahan

Pangalan ng Scholarship	Naangkop na makatanggap	Makipag-ugnay • Sanggunian
Nihon Gakusei Shien Kiko (JASSO)	Mas mataas na edukasyon(Graduate school). Unibersidad.Kolehiyo.Pang-teknikal na kolehiyo .bokasyonal na paaralan at mga mag aaral sa pang-dalubhasang kurso	https://www.jasso.go.jp/about/shogakukin * Benepisyo . Pautang
Jichitai no Shougakukin	Ang bawat target ay naiiba	Tanggapan ng Munisipyo(Yakuba) Walang ipinapatupad na scholarship ang ibang mga munisipalidad * Benepisyo . Pautang
Shimbun Shougakukin	Mga mag aaral na nagtratabaho sa isang pahayagan	Bawat kompanya ng Pahavagan * Benepisyo .Pautang
Koutsu Iji Ikuekai	Mga mag aaral na naulila dahil sa trapiko at mag aaral na may magulang na mayron kapansanan	http://www.kotsuuii.com/howto/ * Benepisyo .Pautang
Nihon Kyouiku Koumuin Kousaikai	Mataas na edukasyon (Graduate school).Unibersidad.Pang-teknikal bokasyonal na paaralan at mga mag aaral sa pang dalubhasang kurso	Sangay ng Shiga TEL : 077-526-1356 * Benepisyo .Pautang
Tsuboi Ichiro Jinko Gakusei Shien Program	Mga mag aaral sa Unibersidad(nasa pang 3 taon o mas mataas pa). mga nagtapos sa unibersidad na(posibleng pumasok) Refugees.mga anak/apo na mav dugong hapon (permanenteng visa at ang mga nagbabalik na mga tsino	(Tanggapan ng kapakanan panglipunan) (Shafuku) Support 21 http://support21.or.jp TEL : 03-5449-1331 *Benepisyo
PP Shougakukin	Nasvonalidad av hapon. permanenteng residente, espesyal na permanenteng residente	
Biwako Shougakukin	Mga Internasyonal na dayuhang mag aaral sa Lalawigan ng Shiga.mga dayuhang mag aaral na nasa Unibersidad at Junior College	Shiga Intercultural Association for Globalization TEL : 077-526-0931 http://www.s-i-a.or.jp/index.php/projects/multicultural *Benepisyo

Sistemang Pautang(Pundo sa Edukasyon) Pautang para sa edukasyon *Maaring may mga paghihigpit sa katayuan ng paninirahan Kumpirmahin mabuti ang babayaranang interes at kung hanggang kailan dapat mabayaran,bago manghiram

Suportang-Pinasiyal tanggapan ng Welfare (Fukushi Shikin Kyouiku Kashitsuki (Kyouiku Shien Kin))	Mababa ang kita na Sambahayan	Shiga Prefectural Social Welfare Council,(Konseho para sa kapakan ng lipunan,lalawigan ng Shiga) TEL : 077- 567 - 390 * Walang interes
Solong magulang na sambahayan suportang pinansiyal para sa mga mag aaral ng mga nabiyudo/biyuda ngmagulang. paghahanda sa pagpasok ng paaralan	Solong magulang na sambahayan (Ama) Solong magulang na samabahayan (Ina)	Kagawaran sa Pangangalaga Ng Kalusugan at Serbisiyong Medikal, Kawani ng para sa mga bata at kabataan,Lalawigan ng Shiga TEL : 077 - 528 - 3554 Sangay ng Tahanang Pangkabataan ng Otsu,mga residente ng Otsu at ang Sangay ng Tahanang Pangkabataan ng Otsu, Lunsod ng Otsu TEL : 077 - 528 - 2686 * Walang interes
Scholarship(pampubliko Na pondo ng Pamahalaan) (Kyouiku loan Kashitsuke)		Japan Finance Corporation https://www.jfc.go.jp/finance/search/ippa.html Call center pang-edukasyon TEL: 0570- 008656 * May interes
Scholarship(Pautang) ng Banko(Ginko no Kyouiku Loan)		bawat bangko ay (nag iiba ang mga halaga ng interes depende sa banko * May interes



Mga Kaganapang Impormasyon

Pangingisda sa Lawa ng Yogo

Ang [Lawa ng Yogo] ay matatagpuan sa hilagang bahagi sa Lalawigan ng Shiga, ang kinki ay isa sa pinakamaganang lugar para sa pangingisda ng isdang Smelt. Mula Nobyembre 23 (Sabado)~Marso 31 (Martes)
6:00~17:00 (walang holiday)

Pantalan ng Edo at Kawanami:
Bayan ng Nagahama Yogo-cho



☑ Kooperatiba ng Pangisdaan sa lawa ng Yogo
TEL 0749 - 86 -3033

Eksibisyon, ng bonsai plum sa Nagahama

Matutunghayan ang mga makatawag-pansin na mga nakalinyang mga bonsai ng punong plum. Enero 10 (Biyernes) ~ hanggang Marso10 (Martes)
9:00 ~ 17:00

Kyokan:Nagahama-shi Minato Machi 2-5

☑ Asosasyon ng Turismo sa Nagahama
TEL 0749 - 65 - 6521

Makino Highland Ski Resort

Ito ay isang nasa libis na ski resort na may malawakang sukat na 300,000 metro-kuwadrado. Simula umpisa sa buwan ng Enero hanggangsa katapusan sa buwan ng pebrero 8 : 00~17 : 00 (Libre)



Takashima-shi Makino-cho Makino 931 Banchi

☑ Korporasyon ng Turismo sa Makino
TEL 0740 - 27- 0936

Pagdiriwang ng Setsubun Pebrero 3 (Lunes)

Noong unang panahon, ang unang araw ng tag-sibol ay ang Umpisa ng taon, bago ang araw na iyan magsasa Gawa ng rituwal na paghahagis ng beans upang itaboy ang mga kamalasan.



「Lumayas ka kamalasan!」「Pumasok ka Swerte!」

◆ Templo ng Tachiki Kusatsu-shi, Kusatsu4chome1-3
TEL 077 - 562 - 0420

◆ Templo ng Zensui Konan-shi Iwane 3518
TEL 0748 - 72 - 3730

◆ Templo ng Taga Inukami-gun Taga-cho Taga 604
TEL 0749 - 48 - 1101

Pampasiglang Konsyerto

[Haru majika Oishi Trio no Oomonogatari]

May bahaging puwedeng magsama-samang Magkantahan pagkatapos ng konsyerto.♪

Pebreo 20 (Huwebes) (14 : 00) Magbubukas

Bayad sa pagpasok : Libre

Seminario ng Bungei Omiachimanshi Azuchi-cho

Kuwanomidera 777 Banchi


☑ (Pampubliko) Azuchi-cho Ahensiya ng Promosyon ng Sining ng Pampanitikan

TEL 0748 -46 - 6507



Hina Matsuri Marso 3 (Martes)

Isang pagdiriwang kung saan ipinapanalangin na maging masaya at malusog ang anak nababae habang lumalaki. Pinapalamutian ang manikang hina ng mga bulaklak ng peras



◆Paglibot sa mga Tindahan ng Manika


Pebrero 8 (Sabado)~Marso 15 (Linggo)

9:30 ~ 16:30 (Sarado na araw : 2/12.17.25,3/9)

Omi Shonin Mansion : Nakae Jungoro House, Higashiomi-shi, Gokasho Kondo-cho, atbp.

☑ Asosasyon ng Turismo sa Higashiomi-shi

TEL 0748 -29 -3920



◆Piyesta sa Hino" Paglakbay ng Manikang Hina "

Pebrero 9 (linggo) ~ Marso 8 (Linggo)

9:00~17:00

Mula Hino-cho papuntang Murai at lilibot sa buong lugar ag Nishioji

☑ Asosasyon ng Turismo sa Hino

TEL 0748 -52 -6577



Balita Mula Sa Nimitaro



★ Huminto! Tigilan ang paggamit ng telepono (Smartphone) habang nagmamaneho.

Simula Disyembre 1 (Linggo) ay ipapatupad na ang pagpataw ng mabigat na parusa sa paggamit ng telepono habang nagmamaneho. Mag iingat po tayo.

★ Final Income Tax Return

Ang panahon ng pagwawasto para sa pagbabalik sa binayarang buwis ay simula Pebrero 17 (Lunes) hanggang Marso16 (Lunes).

Kung nakagastos ka ng malaking halaga para sa pagpapagamot umutang ng bahay atbp. o kung mayroon kang nadagdag na kita na hindi na naiwasto dapat kang magfile ng Final income tax return sa tanggapan ng buwis (Taxation Office).



※Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay nakatakdang ilabas sa buwan ng Abril.

Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga.

(nakahandang mga salita Portugal, Espanyol, Vietnam Tagalog. Inglis, Indonesia) nakahanda pong magbigay payo para sa ibat ibang problema, kami po ay tumutugon sa mga konsultasyon at sa iba' ibang impormasyon.

TEL: 077-523-5646 FAX: 077-510-0601

E-mail: mimitaro@s-i-a.or.jp